

**DepEd ADVISORY No. 176, s. 2010**  
**In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**  
**This Advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel**  
**(visit DepEd website at [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph))**  
**July 19, 2010**

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA INTELEKTWALISASYON NG WIKANG  
FILIPINO BILANG ALTERNATIBONG SISTEMA NG PAGTUTURO**

Ang Inter-Disciplinary Studies and Career Advocacy (IDSCA) ay magdaraos ng *Seminar-Worksyap sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino Bilang Alternatibong Sistema ng Pagtuturo* sa Agosto 19-21, 2010 sa Quirino Hall, Teachers Camp, Baguio City.

Ang mga layunin nito ay ang mga sumusunod:

- a. Mapabuti ang pamamaraan ng pagtuturo sa Filipino;
- b. Makapagsaliksik at makapaglunsad ng mga akma ng stratehiya sa pagtuturo ng Filipino;
- c. Mapanatili ang integrasyon ng mga iba't ibang aspeto ng Filipino sa pagtuturo;
- d. Mahikayat ang mga guro na gumawa ng mga pananaliksik na akma sa mga suliranin ng pagtuturo sa Filipino; at
- e. Mapabuti ang paggamit ng bernakular sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura.

Ang seminar-worksyap na ito ay tatalakay sa mga sumusunod:

- a. Ang Wikang Filipino sa Bagong Kurikulum;
- b. Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino; at
- c. Strong Mother Tongue-Based Multilingual Education (MLE).

Ang seminar na ito ay dadaluhan ng mga guro sa Filipino, koordineytor, punong guro at superbisor.

Ang bawat kalahok ay magbabayad ng butaw na Dalawang Libu at Limang Daang Piso (PhP2,500.00) kasama ang sertipiko, handawts, tanghalian at meryenda sa umaga at hapon lamang.

Para sa karagdagang impormasyon at reserbasyon, maaring kontakin si Ginoong Apolinario S. Saymo, Project Coordinator, IDSCA o kaya tumawag sa cellphone blg.: 0908-863-4668; 0926-700-0619 at 0929-139-8351; e-mail address: [idscaincorp@yahoo.com](mailto:idscaincorp@yahoo.com) o kaya sa Inter-Disciplinary Studies and Career Advocacy, G.A. Tower I, Unit 1815, No. 83 Boni Avenue Along EDSA, Mandaluyong City.